Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-02 NG NOBYEMBRE, 2021 SA GANAP NA IKA-09:52 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ---------------- | Pangulo-LNB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ---------------- | Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHAN BLG. 75 (A) T. 2021**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY KGG. ANDREA DIZON DOMINGO, CHAIRPERSON AND CHIEF EXECUTIVE OFFICER (CEO) NG PHILIPPINE AMUSEMENT AND GAMING CORPORATION (PAGCOR) NA MAPAGKALOOBAN NG TULONG PINANSIYAL NA NAGKAKAHALAGA NG LIMAMPUNG MILYONG (P 50,000,000.00) PISO ANG PAMAHALAANG BAYAN UPANG ILAAN SA PAGPAPAGAWA NG SLOPE PROTECTION NG LUMBAN RIVER SA BARANGAY BALUBAD**

**Akda ni: Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.**
**Tagapangulo - Lupon ng Pagawain Bayan**

**SAPAGKAT**, kung maipagpapatuloy ang konstruksyon ng slope protection sa kahabaan ng baybayin ng Ilog ng Lumban sa Barangay Balubad ay maiiwasan ang pagguho ng lupa sa pampang ng ilog tuwing lumalaki ang tubig bunsod ng bahang dala ng bagyo o malakas na pag-uulan;

**SAPAGKAT**, ang mga nakatira sa gilid ng pampang ng Ilog ng Lumban ay nakatitiyak na ang kanilang mga tahanan ay protektado sa mga unos na darating;

**SAPAGKAT**, naniniwala ang mga opisyal ng Pamahalaang Bayan ng Lumban na ang Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) ay may ginuntaang puso na palagiang tumutugon sa mga makabuluhang proyekto ng Pamahalaang Lokal;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Geronimo P. Samonte Jr. na pinangalawahan nina Kgg. Ireneo R. Baldovino at Kgg. Orlando R. De Luna at sinang-ayunan ng lahat nang dumalo, ay;

**IPINASIYA,** tulad ng dito'y ginawang **PAGPAPASIYA,** mapitagang humiling kay Kgg. Andrea Dizon Domingo, Chairperson and Chief Executive Officer (CEO) ng Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) na mapagkalooban ng tulong pinansiyal na nagkakahalaga ng limampung milyong (P 50,000,000.00) piso ang Pamahalaang Bayan upang ilaan sa pagpapagawa ng Slope Protection ng Lumban River sa Barangay Balubad.

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ni Kgg. Andrea Dizon Domingo, Chairperson and Chief Executive Officer (CEO) ng Philippine Amusement

and Gaming Corporation **(PAGCOR)** at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-02 ng Nobyembre, 2021.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt110221res75A*